The State Bar of California

OFFICE OF CHIEF TRIAL COUNSEL

845 South Figueroa Street, Los Angeles, CA 90017

800-843-9053
Fax: 213-765-1168

## Reklamo sa Maling Gawain ng Abogado

Para maghain ng reklamo sa maling gawain ng abogado, pakibasa ang mga tagubilin sa ibaba, kumpletuhin ang nakalakip na form ng reklamo, at ipadala sa:

Office of Chief Trial Counsel Intake
845 South Figueroa Street
Los Angeles, CA 90017

## Mga Tagubilin

- Pakibigay ang iyong pangalan, address, zip code, email address (kung available), at mga numero ng telepono (trabaho, bahay at cellphone). Kumpidensyal ang mga reklamo maliban kung nagsampa ng mga kaso. Para makausap ka namin kaagad, magbigay ng email address kung saan ikaw lang ang nakaka-access at hindi ibinabahagi sa iba.
- Kung isa kang abogadong nagsusumite ng reklamo tungkol sa isa pang abogado, mangyaring ipaalam ito sa amin sa Seksyon ng Impormasyon sa Reklamo. Ipahiwatig kung tungkol ang iyong reklamo sa katunggaling abogado at kung ikaw ay naghahain ng reklamo batay sa iyong tungkuling mag-ulat ng hindi propesyonal na pag-uugali sa ilalim ng Panuntunan ng Propesyonal na Pag-uugali 8.3. Hinihikayat ng Bar ng Estado ang mga abogado ng California na kompletuhin ang form ng reklamo sa Ingles.

## Impormasyon ng Abogado

- Puwede mong gamitin ang online na Paghahanap ng Abogado ng State Bar (www.calbar.ca.gov) para makita kung may dati nang pampublikong rekord ng pandidisiplina ang isang abogado sa California at kung lisensyado siyang magtrabaho bilang abogado sa California.
- Ibigay ang kumpletong pangalan, address, at numero ng telepono ng abogadong inirereklamo mo.
- Kung gusto mong magreklamo tungkol sa higit sa isang abogado, kumumpleto ng hiwalay na pahayag ng reklamo para sa bawat abogado.
- Kung hindi nalalapat sa iyong sitwasyon ang alinman sa mga blangkong espasyo, isulat ang N/A (Hindi Naaangkop). Kung hindi mo alam ang laki ng law firm ng abogado, pakilagay ang “Hindi Alam” para sa Laki ng Law Firm.
- Sa seksyong Pahayag ng Reklamo, sabihin sa amin kung ano ang nagawa o hindi nagawa ng abogado na sa tingin mo ay puwedeng patawan ng pandidisiplina. Kailangan naming malaman ang background ng iyong sitwasyon.

    - Kung ang iyong reklamo ay tungkol sa abogadong kinuha mo, sabihin sa amin: Kailan mo kinuha ang abogado? Ano ang kasunduang ginawa ninyo ng abogado? Pasalita o pasulat ba ang kasunduang ito?
    - Kung ang reklamo ay tungkol sa isang abogadong hindi kumatawan sa iyo, pakisabi sa amin: Ano ang koneksyon mo sa abogadong ito? Kung kumakatawan ang abogado sa isang tao o entity na hindi mo kasundo, pakitukoy ang naturang tao o entity at ipaliwanag ang dahilan ng hindi pagkakasundo.

## Impormasyon ng Korte

- Kung nauugnay sa isang kaso sa korte ang iyong reklamo, magbigay ng impormasyon (kung nalalaman) sa seksyong ito.

## Mga Kalakip

- Magbigay ng anumang kapaki-pakinabang na dokumento. Mga kopya lang ang ipadala at itabi ang mga orihinal. Magiging pagmamay-ari na ng State Bar ang lahat ng dokumentong ipapadala mo, mga orihinal man o kopya, at puwedeng sirain sa hinaharap.
    - Kung nagrereklamo ka tungol sa isang abogadong kumatawan sa iyo, magbigay ng mga kopya ng mga nakasulat na kasunduan sa bayarin, pagbabayad, o iba pang pakikipag-ugnayan (nakasulat o electronic) sa abogado. Puwedeng makatulong na magbigay ng mga kopya ng harap at likod na bahagi ng lahat ng nakanselang tseke at/o mga kopya ng mga resibong nagpapakita ng iyong mga pagbabayad sa abogado.
    - Kung nagrereklamo ka tungkol sa iba pang abogado, magbigay ng anumang dokumento ng korte o pakikipag-ugnayan sa abogado na makakatulong para ipaliwanag ang iyong reklamo.
    - Kung may abogadong kumakatawan sa iyo sa usaping kinabibilangan ng abogado, pakibigay ang pangalan, address, at numero ng telepono ng abogado mo.

## Impormasyon ng Pagsasalin

Tumatanggap ang State Bar ng mga reklamo sa higit 200 wika. Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng pagsasalin para makipag-ugnayan sa State Bar, pakisabi sa amin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa seksyon ng Impormasyon ng Pagsasalin. Makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng serbisyo ng pagsasalin sa wikang pipiliin mo. Kung mayroon kang pinagkakatiwalaang kaibigan o miyembro ng pamilyang gusto mong magbigay ng tulong sa pagsasalin at tatanggap ang naturang tao ng mga pakikipag-ugnayan gamit ang English, pakibigay ang kanyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa seksyong Impormasyon ng Pagsasalin.

## Pagkatapos Mong Magsumite

Susuriin at tatasahin ng State Bar ang iyong reklamo para matukoy kung naaangkop ang imbestigasyon at pag-uusig. Aabisuhan ka nang pasulat tungkol sa aming pasya. Ipinapaliwanag ng chart na ito kung ano ang mangyayari pagkatapos mong maghain ng reklamo. Salamat sa iyong pakikipagtulungan.

## Mahalagang Impormasyong Dapat Mong Malaman

Sinusuri ng Office of Chief Trial Counsel (OCTC) ng State Bar ang mga reklamo ng mga hindi etikal na pag-uugali ng mga abogadong lisensyadong magtrabaho sa California. Kung uusigin ng OCTC ang mga alegasyong nasa reklamo mo, puwedeng hilingin sa iyong tumestigo sa State Bar Court para mapatunayan ang mga kaso laban sa (mga) abogadong sangkot. Ang listahan sa ibaba ay tungkol sa puwedeng gawin at hindi puwedeng gawin ng OCTC kapag isinaalang-alang nito ang isang reklamo laban sa isang abogado:

- Puwedeng magrekomenda ang OCTC na disiplinahin lang ang isang abogado sa paglabag sa California State Bar Act o California Rules of Professional Conduct.
- Hindi puwedeng kumilos ang OCTC bilang abogado mo o kaya tumulong sa iyo sa mga legal na usaping nauugnay sa iyong reklamo. Halimbawa, hindi puwedeng magbigay ng legal na payo ang OCTC o magsagawa ng legal na serbisyo para sa iyo (gaya ng paghahabol ng mga pinsala o iba pang legal na pagkilos laban sa (mga) abogadong sangkot sa iyong reklamo). Puwedeng may mga legal na remedyong available sa iyo, pero hindi ka puwedeng payuhan ng OCTC tungkol sa iyong mga karapatan sa isang sitwasyon o kung ano ang dapat mong gawin. Ang State Bar ay hindi isang korte na puwedeng magbigay sa iyo ng mga remedyong sibil.
- Hindi puwedeng ibigay sa iyo ng OCTC ang pangalan ng partikular na abogado para makatulong sa iyo tungkol sa mga legal na usapin. Sinesertipika ng State Bar ang mga serbisyo ng referral ng abogado, at available ang listahan ng mga sertipikadong serbisyo ng referral ng abogado sa website ng State Bar (www.calbar.ca.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-843-9053. Ang pamphlet ng State Bar na Paghahanap ng Tamang Abogado ay available din online.
- Puwedeng mandisiplina ang OCTC dahil sa hindi pag-refund ng isang abogado sa isang bayaring hindi nagawa o hindi pagtala ng mga bayarin. Gayunpaman, tandaang hindi nare-refund ang mga bayad sa abogado dahil lang hindi ka kuntento sa mga serbisyo ng abogado mo. Sa madaling salita, hindi puwedeng magpasya ang OCTC kung makatuwiran ang isang bayad sa abogado. Kung inirereklamo mo ang iyong mga bayad sa abogado, puwede mong lutasin ang pagtatalo sa pamamagitan ng proseso ng arbitrasyon ng bayarin. Available ang impormasyon tungkol sa arbitrasyon ng bayarin online o sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-843-9053.
- Puwedeng humingi ng utos sa pagsasauli ang OCTC kung ginamit nang hindi tama ng isang abogado ang pera ng kliyente. Bukod pa rito, puwedeng i-reimburse ng Client Security Fund (CSF) ng State Bar ang mga perang kinuha ng abogado dahil sa panloloko (pero hindi dahil kumilos lang nang hindi mahusay, nang-abuso, o hindi gumawa ng ilang partikular na pagkilos ang abogado). Hindi puwedeng iproseso ng CSF ang mga aplikasyon para sa pag-reimburse hanggang sa naibigay na ng California Supreme Court ang pinal na pandidisiplina laban sa abogado. Available online ang aplikasyon para sa pag-reimburse mula sa CSF o sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-843-9053.
- Kung mayroon ka pang tanong, puwede mong tawagan ang call center sa 800-843-9053. Gayundin, available online ang pamphlet ng State Bar na Nagkakaproblema sa Iyong Abogado. Ang pamphlet ay may mga nakakatulong na sagot sa mga tanong tungkol sa pakikitungo sa isang abogado.

The State Bar of California

OFFICE OF CHIEF TRIAL COUNSEL

845 South Figueroa Street, Los Angeles, CA 90017

800-843-9053
Fax: 213-765-1168

## Form ng Reklamo sa Maling Gawain ng Abogado

| Iyong Impormasyon | | |
|---|---|---|
| Titulo: | | |
| Pangalan: | Gitnang Pangalan: | |
| Apelyido: | | |
| Address: | | |
| Lungsod: | Estado: | Zip Code: |
| Email: | | |
| Telepono sa Bahay: | Telepono sa Trabaho: | Cell Phone: |

Kung mas gusto mong makipag-ugnayan sa pamamagitan ng email, magbigay ng email address. Kumpidensyal ang mga reklamo maliban kung nagsampa ng mga kaso. Para makausap ka namin kaagad, magbigay ng email address kung saan ikaw lang ang nakaka-access at hindi ibinabahagi sa iba.

| Impormasyon ng Abogado | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Gitnang Pangalan: | |
| Apelyido: | | |
| Address: | | |
| Lungsod: | Estado: | Zip Code: |
| Email: | CA Bar License #: | |
| Pangunahing Telepono: | Iba Pang Telepono: | |
| Cell Phone: | Website: | |

### Impormasyon ng Reklamo

Para matupad nang mas maayos ang misyon ng State Bar na protektahan ang publiko, pakisagot ang mga sumusunod na tanong:

**Ikaw ba o ang isang miyembro ng iyong pamilya ay nagreklamo na dati sa State Bar tungkol sa abogadong ito?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Kinuha mo ba ang abogadong ito?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Kasama ba sa reklamong ito ang mga alegasyon ng pagnanakaw?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Kasama ba sa reklamong ito ang mga alegasyon ng maling gawain ng abogado kung saan nabiktima ang isang taong edad 65 pataas?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Kasama ba sa reklamong ito ang mga alegasyon ng maling gawain ng abogado kung saan nabiktima ang isang taong walang kakayahan, imbalido, may kapansanan, nakakulong, isang migrante, o isang menor de edad?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Kasama ba sa reklamong ito ang mga alegasyong inabandona ng abogado ang isang kliyente?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Isa ka bang abogado?**

○ **Oo** ○ **Hindi**

**Kung isa kang abogado:**

**May kasama bang mga paratang laban sa katunggaling abogado ang reklamong ito?**

○ **Oo** ○ **Hindi**

**Inihahain mo ba ang reklamong ito batay sa iyong tungkuling mag-ulat ng hindi propesyonal na pag-uugali sa ilalim ng Panuntunan ng Propesyonal na Pag-uugali 8.3?**

○ **Oo** ○ **Hindi**

## Pahayag ng Reklamo

Isama sa iyong isusumite ang isang pahayag ng ginawa o hindi ginawa ng abogado na batayan ng iyong reklamo. Pakisaad ang impormasyon ayon sa pagkakaunawa mo. Huwag magsama ng mga opinyon o argumento. Kung kinuha mo ang (mga) abogado, isaad kung ano ang ipinagawa mo sa (mga) abogado. Puwedeng humiling ng karagdagang impormasyon.

| Nauugnay na Impormasyon ng Kaso sa Korte (Kung alam) | |
|---|---|
| **Pangalan ng Korte:** | **Pangalan ng Kaso:** |
| **Numero ng Kaso:** | **Tinatayang petsa kung kailan isinampa ang kaso:** |
| **Laki ng law firm na inirereklamo:** | |
| **Kung hindi ka isang panig sa kasong ito, ano ang koneksyon mo rito? Ipaliwanag nang maikli.** | |

## Impormasyon ng Pagsasalin

☐ **Hindi Naaangkop**

**Tumatanggap ang State Bar ng mga reklamo sa higit sa 200 wika. Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng pagsasalin para makipag-ugnayan sa State Bar, ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa seksyong ito ng form ng reklamo. Makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng serbisyo ng pagsasalin sa wikang pipiliin mo. Kailangan mo ba ng mga serbisyo ng pagsasalin?**

☐ **Oo** ☐ **Hindi**

**Pakisaad ang wika kung saan kailangan mo ng pormal na pagsasalin:**

______________________________

Misyon ng State Bar na protektahan ang mga nagrereklamo anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang mga nagrereklamong hindi makakumpleto ng form na ito dahil sa kapansanan, mga kahirapan sa wika, o iba pang sitwasyon ay puwedeng humingi ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng reklamo sa 800-843-9053.

## Pagsusumite

☐ **Sa paglalagay ng check sa kahong ito, pinapatunayan kong ang lahat ng impormasyon sa form na ito ay tunay at tama. Nauunawaan kong puwedeng ipaalam sa abogado ang nilalaman ng aking reklamo. Nauunawaan kong isinusuko ko ang pribilehiyo ng abogado-kliyente at anupamang naaangkop na pribilehiyo sa pagitan ko at ng abogado hanggang sa saklaw na kinakailangan para sa pagsisiyasat at paglilitis ng mga**

**Lagda:** ______________________________ **Petsa:** ____________________